# MALINIS KA BA?

Malinis ka ba?
Sa pagpasok sa eskwela
Mahabang kuko ay gupitin
Buhok ay suklayin.

Malinis ka ba?
May panyolitong dala.
Ilagay sa bulsa
Pumunas kung papawisan ka.

Malinis ka ba?
Ang damit na pamasok
Kaygandang tingnan
Kung ito ay suot
Ikaw ay masisiyahan.



FT FUN TEACHER FILES

# EDUKASYON AKING KARAPATAN

Edukasyon aking karapatan
Mapaunlad ang kaalaman.
Gabay sa ating buhay
Sa magandang kinabukasan.



FT FUN TEACHER FILES

# ANG PO AT OPO

Ang po at opo
Lagi nating gamitin.
Sa pakikipag-usap
Sa nakatatanda sa atin.

Tulad din ng ho at oho
Mga salita ng paggalang
Kung laging gagamitin
Ikaw ay kalulugdan.




FT FUN TEACHER FILES

# ANG BATANG SI AMBO

Ang batang si Ambo
Araw-araw naliligo.
Ngipin sinisipilyo
Upang hininga di bumaho.

Suot niyang damit
Ay laging malinis.
Ang mahabang kuko'y
Laging ginugupit.

May sariling suklay at
Sipilyong gamit.
Buhok ay maayos
Mabango at malinis.



FT FUN TEACHER FILES

# KAIBIGAN

Ako ay may kaibigan
Kasama ko araw-araw.
Kung kami ay naglalaro
Di ko sinasaktan.

Sa anumang gawaing
Kami'y nagtutulungan.
Kay saya-saya namin
Dito sa paaralan.



FT FUN TEACHER FILES

# MAMANG SORBETERO

Mamang sorbetero
Meron po bang sorbetes?
Lasang mangga't keso
Para kay Mercedes.

Mamang Sorbetero
Meron po bang sorbetes?
Lasang tsokolate
Para kay Tess.



FT FUN TEACHER FILES

# TUMAHAN KA, DADAY

Ang dede ni Daday
Nalaglag sa duyan.
Dinampot ni Dindo
At kanya nang tangan.

Tumahan ka, Daday
Ang sabi ni Dindo
At narito na
Dede na hanap mo.



FT FUN TEACHER FILES

# MAMASYAL TAYO

Paru-paro'y ating sundan
Sa paglibot sa bakuran.
Dumadapo't nagduruyan
Sa anumang madaanan.

Tayo na sa halamanan
At doon ay ating hawakan
Ang mababangong bulaklak
Na humahalimuyak.
Ang bubuyog at ibon
Natutuwa ring dumadapo
Sa halamang may kulay
Ito ang kanilang buhay.




FT FUN TEACHER FILES

# TUNTUNIN SA PAARALAN

Pagpasok ay agahan
Maging maayos sa pilahan.
Mga gamit ay ingatan
Isagawa ang kalinisan.

Pag-upo ay ayusin
Makinig sa aralin.
Guro ay sundin natin,
Maging batang masunurin.



FT FUN TEACHER FILES

# GAYAHIN ANG GAGAMBA

Gagamba sa bubong
Aking pinagmasdan
Sa gitna ng sapot
Na kanyang tahanan.

Gagambang matiyaga
Tumingin sa akin
At ang sabi niya
Ako ay gayahin.



FT FUN TEACHER FILES